Transport for NSW

# Kaligtasan sa daan

## Pagtulong sa iyong anak sa paligid ng mga bus

Pinakamapanganib para sa iyong anak ang mga sandali pagkababa mula sa bus. Narito ang ilang mga paraan upang mabawasan ang panganib na ito:

- Maghintay sa bus stop at tumayo nang hindi bababa sa isang hakbang mula sa gilid ng daan.
- Palaging makipagkita sa iyong anak sa bus stop. Huwag kailanman makipagkita sa kanila sa tapat ng daan at tawagin silang tumawid.
- Kung hindi ka maaaring makipagkita sa iyong anak, makipag-ayos sa ibang mapagkakatiwalaang taong may sapat na gulang na pumalit sa iyo.
- Maghintay hanggang makaalis na ang bus, pagkatapos ay pumili ng ligtas na lugar upang tawirin ang daan. Tandaan na hawakan ang kamay ng iyong anak at **Tumigil! Tumingin! Makinig! Mag-isip! (Stop! Look! Listen! Think!)**
- Tandaan na hanggang ang iyong anak ay hindi bababa sa 8 taong gulang o mas bata, hawakan ang kanilang kamay sa bangketa at kapag tumatawid ng daan. Pagkatapos, hanggang sa hindi bababa sa 10 taong gulang o mas bata, pangasiwaan nang mabuti ang iyong anak, hawakan ang kanyang kamay kapag tumatawid ng daan.

**Natututunan ng mga bata ang mga ligtas na paggamit ng daan mula sa iyo at maipagpapatuloy ang mga ito kapag nasa hustong gulang na sila para makapaglakbay nang mag-isa.**






**Mga mahahalagang mensaheng pangkaligtasan sa daan na maibabahagi sa iyong anak mula sa Kindergarten hanggang Year 2**

Hawakan ang kamay ng nakakatanda kapag:

- you tumatawid ka ng daan
- ikaw ay nasa footpath
- ikaw ay nasa paradahan ng sasakyan

**Ang mga mahahalagang mensaheng pangkaligtasan sa daan na maibabahagi sa iyong anak na nasa Year 3 at Year 4**

- Hawakan ang kamay ng isang nakakatanda kapag tumatawid ka ng daan (hanggang 10 taong gulang o mas bata)
- Gamitin ang ligtas na lugar upang tumawid ng daan

**Mga mahahalagang mensaheng pangkaligtasan sa daan na maibabahagi sa iyong anak na nasa Year 5 at Year 6**

- **Tumigil! Tumingin! Makinig! Mag-isip!** sa tuwing tatawid ka sa daan at palaging tumingin-tingin hanggang ligtas na makatawid

**Mga mahahalagang mensaheng pangkaligtasan sa daan na maibabahagi sa iyong anak mula Kindergarten hanggang Year 6**

- Maghintay hanggang makaalis na ang bus at pagkatapos ay pumunta sa isang ligtas na lugar para makatawid sa daan

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga bata sa daan, bisitahin ang seksyong pampamilya sa **safetytown.com.au**

Stock code 45095199 June 2024 © Transport for NSW

NSW GOVERNMENT

Masyadong marami ang nasasawi sa mga daan ng NSW.
**Ang ating layunin ay zero.**

TOWARDS ZERO